# Handout, Beatitudes

| | |
|---|---|
| **Mateo 5:3; 3 Nephi 12:3** | Ang ibig sabihin ng mapagpakumbabang-loob ay "pagkilala nang may pasasalamat na umaasa [tayo] sa Panginoon—na nauunawaang lagi [nating] kailangan ang Kanyang tulong. Ang pagpapakumbaba ay pagkilala na ang [ating] mga talento at kakayahan ay mga kaloob ng Diyos" (*Tapat sa Pananampalataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* [2004], 148). |
| **Mateo 5:4** | Ang magdalamhati ay makadama o magpakita ng kalungkutan. Maaaring magdalamhati ang isang tao sa hirap at pagsubok ng buhay sa mundo, kabilang ang pagkamatay ng mga mahal sa buhay. Maaari ding magdalamhati ang isang tao dahil sa kasalanan. |
| **Mateo 5:5** | "Ang pagpapakumbaba, ayon sa depinisyon ng Webster's dictionary, ay 'pagpapakita ng tiyaga at mahabang pagtitiis: pagtitiis nang walang hinanakit' [*Webster's Third New International Dictionary* (1976) 'meek,' 1403]. Ang kaamuan ay hindi kahinaan. Ito ay tanda ng katapangang Kristiyano" (Robert D. Hales, "Katapangang Kristiyano: (Ang Halaga ng pagiging Disipulo," *Ensign* o *Liahona,* Nob. 2008, 73). |
| **Mateo 5:6; 3 Nephi 12:6** | Ang magutom at mauhaw sa katuwiran ay nagpapahiwatig ng matinding hangarin na malaman at magawa ang kalooban ng Diyos. |
| **Mateo 5:7** | "Ang awa ay pagkahabag sa taong hindi sapat na karapat-dapat" ("Mercy," Gospel Topics, lds.org/topics) Tumatanggap tayo ng awa ng Ama sa Langit dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Alma 33: 11). |
| **Mateo 5:8** | "Ang mga taong may malinis na puso ay nagmamahal sa Panginoon, naghahangad na tularan Siya at sundin ang Kanyang mga kautusan, nagsisikap na mamuhay nang marangal at matapat at nagtitiis hanggang wakas. Ang mga taong may malinis na puso ay kinokontrol ang kanilang pag-iisip upang hindi sila makaisip at makagawa ng mga bagay na imoral" (Sheldon F. Child, "Words of Jesus: Chastity," *Ensign,* Ene. 2003, 44). |
| **Mateo 5:9** | "[Ang maging tagapamayapa] ay kaloob na tumutulong sa tao na makita ang pagkakatulad nila kapag nakikita nila ang pagkakaiba-iba nila" (Henry B. Eyring, "Pagkatuto sa Priesthood," *Ensign* o *Liahona,* Mayo 2011, 63). |
| **Mateo 5:10–12** | Ang "[mausig] dahil sa katuwiran" ay maging handa sa pagsunod at pagtatanggol kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo, kahit na hamakin o tratuhin tayo nang masama dahil sa paggawa nito. |



© 2015 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN.